# East Bay Greenway Multimodal Project – Hayward Segment

Abril 2025

## IBAHAGI ANG INYONG OPINYON SA PROYEKTONG EAST BAY GREENWAY MULTIMODAL PROJECT SA HAYWARD!

### MGA KASALUKUYANG HAMON

Sa ngayon, walang daan na tuloy-tuloy na nagdurugtong sa downtown Hayward papunta sa estasyon ng BART sa Timog Hayward para sa mga naglalakad at nagbibisikleta. Ang mga taong naglalakad o nagbibisikleta sa lugar na ito ay maaring makaranas ng mga hamon gaya ng mabilis na takbo ng trapiko, nawawala o hindi pantay na bangketa at mga tawiran, at walang sapat na liwanag.

### MGA PANUKALANG PAGSASAAYOS

Bilang bahagi ng Proyekto para sa East Bay Greenway Multimodal, ang Alameda County Transportation Commission (Alameda CTC) at ang Siyudad ng Hayward ay nagtutulungan para masagot ang mga hamong nabanggit at mapaayos ang mga paraan ng pagbibiyahe ng mga taong may iba't ibqng edad at kakayahan. Nagagalak kami na ibahagi sa inyo ang aming pangunang panukala para sa bagong disenyo ng ilan sa mga kalye sa lugar na ito, kabilang na ang pagdaragdag ng ilaw at mga halaman. Sa likod ng flyer na ito, makikita ang mga pagbabago sa panukala sa pahina 2.

### MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Kailangan namin ang opinyon ng komunidad! Ang inyong idea ay makakatulong sa pang-unang disenyo. **Nangungulekta kami ng mga opinyon sa bahaging ito ng proyekto hanggang sa katapusan ng Abril 2025.**

Makatapos mabuo ang pang-unang mga disenyo, hihingi kami ng pahintulot pangkapaligiran, maghahanda para sa kahulihang disenyo, at sisiguraduhin ang pondo para sa konstruksyon sa bahagi para sa Hayward.

### IBIGAY ANG INYONG SALOOBIN!

Paki-scan ang QR code upang ibahagi ang inyong saloobin sa mga panukalang pagbabago gamit ang feedback form. Maari ding tumawag sa telepono 510.583.4730 upang ibahagi ang inyong opinyon.

**I-SCAN ANG QR CODE UPANG IBAHAGI ANG INYONG OPINYON**

### BENEPISYO NG PROYEKTO

Ang Proyekto na East Bay Greenway Multimodal ay magbibigay ng maraming kabutihan sa mga mamayan ng Hayward at mga taong naninirahan, nagtatrabaho, at nag-aaliw sa East Bay.

- **Kaligtasan** para sa mga taong may iba't-ibang edad at kakayahan na naglalakad o nagbibisikleta
- **Koneksyon** sa mga sakayan, eskwelahanm bahayan, Negosyo, at iba pang ruta na lalakarin o bibisikletahin.
- **Mga Puno at Halaman** upang mas magandang tingnan ang kapaligiran at mabawasan ang init
- **Dagdag na liwanag** upang mas makakita ang mga taong gumagamit ng kalye
- **Proteksyon sa Klima** at mas mapanatili ang pamayanan sa pamamagitan ng pagbawas sa mga ibinubugang greenhouse gas
- **Kalusugan** sa pagkakaroon ng dagdag na mas aktibong paraan ng paglalakbay

### DAGDAG NA KAALAMAN

Para sa karagdadagang impormasyon tungkol sa Proyekto na East Bay Greenway Multimodal o mga panukalang pagbabago sa Hayward, bisitahin ang website ng proyekto.

**I-scan tupang bisitahin ang website**

## ANO ANG MAGIGING ITSURA NG MGA BAGONG KALYE?

Bawat kalye sa lugar na ito ay may mga kakaibang hamon at oportunidad. Ating layunin na makagawa ng pantay-pantay na karanasan habang isinaalang-alang ang espasyo, pasukan ng mga sasakyan, lugar ng mga hugpungang kanto ng kalye, at iba pang salik. Sa ibang lugar, maaring maiba ang paradahan o bilang ng mga linya sa kalye upang mabigyang daan ang lahat ng mga gumagamit ng kalye.




### Panukalang Pagbabago

Makikita sa ibaba ang litrato ng mga halimbawa.

**1 Linya para sa Bisikleta at Pag-ayos ng Trapiko:**
Sa Montgomery Street at Silva Avenue



**3 Magkahating Gamit ng Daan:**
Sa Whitman Street



**2 Protektadong Linya para sa Bisikleta:**
Sa B Street, Grand Street, Meek Avenue, Sycamore Street, Whitman Street, Tennyson Road, at Dixon Street



**Ilaw at Mga Halaman:**

Sa kahabaan ng kalye



### Mga Posibleng Epekto

**A Pagbawas ng Linya para sa mga Sasakyan:**
B Street at Grand Street

**B Pagtanggal ng Paradahan:**
Parte ng Meek Avenue, Sycamore Street, Whitman Street, at Tennyson Road

**C Pagbawas sa Isang Linya ng Trapiko::**
Parte ng Silva Avenue

# Minimum na mga Dimensiyon – One Way Class IV Pinaghiwalay na Bisikletahan




| Lane | MInimum na mga Dimensiyon |
|---|---|
| A Lane sa Pagmamaneho | 10' minimum<br>11' minimum kung daanan ng pampublikong transportasyon |
| B Lane na Paradahan | 7' minimum |
| C Palugit ng Bisikletahan | 2' minimum kung walang paradahan<br>3' minimum kung may paradahan<br>3' minimum para sa landscape, 5' mas pinipilli |
| D Lane na Bisikletahan | 5' minimum<br>7'-8' mas pinipili para sa magkatabing pagbibisikleta |
| E Palugit sa Bangketa | 6" minimum (hindi pinapakita)<br>2' mas pinipili |
| F Bangketa | 5' minimum |

**Mga Pinagkunan:** CA MUTCD (minimum), NACTO

# MInimum na mga Dimensiyon –
# Two Way Class IV Pinaghiwalay na Bisikletahan




| Lane | MInimum na mga Dimensiyon |
|---|---|
| A Lane sa Pagmamaneho | 10' minimum<br>11' minimum kung daanan ng pampublikong transportasyon |
| B Lane na Paradahan | 7' minimum |
| C Palugit ng Bisikletahan | 2' minimum kung walang paradahan<br>3' minimum kung may paradahan<br>3' minimum para sa landscape, 5' mas pinipili |
| D Lane na Bisikletahan | 8' minimum<br>10-12' mas pinipili |
| E Palugit ng Bangketa | 6" minimum (hindi pinapakita)<br>2' mas pinipili |
| F Bangketa | 5' minimum |

**Mga Pinagkunan:** CA MUTCD (minimum), NACTO ga p

# MInimum na mga Dimensiyon – Class I Pinagsamang Daanan




| Lane | MInimum na mga Dimensiyon |
|---|---|
| A Lane ng Pagmamaneho | 10' minimum<br>11' minimum kung daanan ng pampublikong transportasyon |
| B Lane na Paradahan | 7' minimum |
| C Palugit | 5' minimum |
| D Pinagsamang Daanan | 8' minimum<br>12' mas pinipili para sa komportableng paggamit |

**Mga Pinagkunan:** CA MUTCD (minimum), NACTO

# Sunset Boulevard mula sa Mission Blvd hanggang sa Montgomery St (patungong silangan)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




**Boulevard ng Bisikleta + Pagpapakalma ng Trapik**

- Nirerekomenda ang dagdag na pampakalma sa trapik upang manatiling magaan ang daloy ng sasakyan at pababain ang bilis ng mga sasakyan sa 20 MPH o mas mababa pa

# Montgomery Avenue mula sa Sunset Blvd hanggang sa B St (patungong hilaga)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




**Boulevard ng Bisikleta + Pagpapakalma ng Trapik**

- Nirerekomenda ang dagdag na pampakalma sa trapik upang manatiling magaan ang daloy ng sasakyan at pababain ang bilis ng mga sasakyan sa to 20 MPH o mas mababa pa

# B Street mula sa Montgomery Ave hanggang sa Grand St (patungong silangan)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




**Two-Way Class IV Bisikletahan**

- Bisikletahan sa parteng timog ng kalye sa tabi ng istasyong Bart

# Grand Street mula sa B St hanggang sa Meek Ave (patungong hilaga)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




### One-Way Class IV Bisikletahan

- Pagbabawas ng lane mula sa 5 lane pababa sa 3
- Pananatilihin ang paradahan sa kalye

# Meek Avenue mula sa Grand St hanggang sa Silva Ave (patungong kanluran)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




### One-Way Class IV Bisikletahan

- Tatanggalin ang paradahan sa kalye sa isang panig

# Silva Avenue mula sa Jackson St hanggang sa Sycamore Ave (patungong hilaga)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




**Boulevard ng Bisikleta + Pagpapakalma ng Trapik**

- Pagpapakitid ng daan sa hilaga ng Leighton St. upang mabawasan ang trapik ngunit mabigyan ng daan ang serbisyo ng bus
- Pananatilihin ang paradahan sa kalye
- Kailangan ang dagdag na pagsusuri sa trapik at pakikilahok ng komunidad sa mga susunod na parte ng proyekto

# Sycamore Avenue mula sa Silva Ave hanggang sa Whitman St (patungong silangan)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




**Two-Way Class IV Bisikletahan**

- Bisikletahan sa parteng hilaga ng kalye
- Nagbibigay ng tuloy-tuloy na pasilidad na papakurba sa mga bisikleta patungong Whitman St
- Tatanggalin ang paradahan sa kalye

# Whitman Street mula sa Sycamore Ave hanggang sa Orchard Ave (patungong hilaga)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Mga Opsyon sa Draft

### Opsyon #1*: Class I




### Opsyon #2: Class I




### Opsyon #3: Class IV




***Inirerekomendang Opsyon:** Class I sa tabi ng riles

**Tala:** Kailangan ng Paglihis sa karaniwang disenyo upang magkaroon ng 3' palugit. Hindi sapat ang 9' class I para sa pinakamababang pamantayan. Gagawing 11' na minimum ang mga lane upang malagyan ng rota ng bus.

# Whitman Street mula sa Orchard Ave hanggang sa Berry Ave (patungong hilaga)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Opsyon sa Draft: Class I




**Inirerekomendang Opsyon:** Class I sa tabi ng riles. Gagawing 11’ na minimum ang mga lane upang malagyan ng rota ng bus.

# Whitman Street mula sa Berry Ave hanggang sa Harder Rd (patungong hilaga)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Mga Opsyon sa Draft

### Opsyon #1: Class I




***Tala:** Class I sa tabi ng riles. Kailangan ng Paglihis sa karaniwang disenyo upang mabiigyan daan ang 2’ na palugit. Gagawing 11’ ang minimum ng mga lane upang malagyan ng rota ng bus.

# Whitman Street mula sa Harder Rd hanggang sa Fruitwood Wy (patungong hilaga)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Mga Opsyon sa Draft:

### Opsyon 1*: Class I




### Opsyon 2: Class I




***Inirerekomendang Opsyon:** Class I sa tabi ng riles.Panantilihin ang paradahan.

# Whitman Street mula sa Fruitwood Wy hanggang sa Tennyson Rd (patungong hilaga)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Mga Opsyon sa Draft:

### Opsyon #1*: Class IV




### Opsyon 2: Class IV




***Inirerekomendang Opsyon:** Class IV sa haba ng parteng kanluran na may pinipiling mga lapad ng pasilidad

ALAMEDA County Transportation Commission

# Tennyson Road mula sa Whitman St hanggang sa Dixon St (patungong silangan)



## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




### Two-Way Class IV Bisikletahan

- Bisikletahan sa parteng timog ng kalye sa tabi ng istasyong Bart
- Mananatili ang lane na bisikletahan na patungong kanluran
- Tatanggalin ang paradahan sa kalye sa parteng timog

# Dixon Street mula sa Tennyson Rd hanggang sa BART (patungong hilaga)




## Mga Nananatiling Kondisyon




## Rekomendasyon sa Draft




### One-Way Class IV Bisikletahan

- Pakikitirin ang mga lane ng pagbibiyahe sa 11 talampakan